*Mt. Zion Baptist Missions Philippines – Sermon Notes*
*May 21, 2017 – Sun. AM – Missionary Bill Hardecker*

**Title**: Sa Sangandaan ng Kaligtasan

**Texto**: (Acts 9:5) "And he said, Who art thou, Lord? And the Lord said, I am Jesus whom thou persecutest: it is hard for thee to kick against the pricks.

*Pagsasalin*: (Gawa 9:5) At sinabi niya, sino ka ba Panginoon? At sinabi ng Panginoon: Ako si Jesus na iyong inuusig. Mahirap sa iyo ang sumikad laban sa mga panturok (o pantusok o panduro).

**Panimula**:

1. Ang texto natin ay parte ng salaysay ng kombersyon, o kaligtasan, or pagbabalik-loob ni Pablo, na isang dakilang Christiyano at Missionary.
2. Marami tayong makikita at matutunan sa kanyang karanasan dito sa Gawa 9:1-9.
3. Ang kanyang ekspiryensa ng kaligtasan ay magandang modelo o uliran o halimbawa ng kombersyon. Ito ay ang ating bibigyan pansin ngayon.

**I. Sino siya bago naligtas?**

A. (Gawa 9:1) "At si Saulo" – pangalan niya bilang Hudyo – "hinihiling."
B. Siya ay ipinanganak at lumaki sa Tarsus, modern day Turkey (Gawa 21:39).
C. Siya ay isang Romano ("I was free born") (Gawa 22:28).
D. Siya ay Pariseo (pinaka istrikto o mahigipit na uri) (Gawa 26:5).
E. Siya ay napakalaki ang pribelihiyo niya sa buhay at pagaaral:
 - e.1. Marunong siya sa mga wika: Hebreo, Latin, at Greek.
 - e.2. Tinuruan siya ng relihiyon ng mga Hudyo, at ng trabaho (Gawa 18:3).
 - e.3. Isa siyang Rabbi, mga 30 years old, noong dumating sa kanyang buhay itong kaligtasan. Nakalaan siya bilang isa sa mga "Sanhedrin Council."

F. Siya ay nakakatakot na tagausig ng mga Christiyano.
 - f.1. Masigasig (o masikap) tungo sa Diyos (Gawa 22:3).
 - f.2. Magpasanganib (Gawa 9:1) "pagbabanta at pagpatay"
 - f.3. Naghahanap (Gawa 8:3) "pinapasok niya ang mga bahay-bahay" – "winawasak"
 - f.4. Kinakaladkad o dinadakip niya sa kulungan (Gawa 8:3)
 - f.5. Ang kanyang paguusig ay gawa ng kamangmangan (1 Timoteo 1:13). [sangandaan]

**II. Paano siya naligtas?**

A. Patungo siya sa Damascus. Isa sa mga pinakamatandang lungsod o siyudad.
B. Sigurado na may iglesia sa Damascus, ito ay sinimula na galing sa iglesia ng Jerusalem.
C. May isang tiyak na oras (Gawa 22:6; 26:13); tiyak na lugar, malapit o patungo sa Damascus; at isang tiyak na pangyayari – hinarap siya sa kanyang kasalanan at kalagayan, at tinanggap niya ang Panginoon at Tagapagligtas na si Jesu-Cristo.
D. Bagamat napaka-dramatic ang karanasan ni Pablo sa kaligtasan, at hindi ito ang normal na karanasan ng kaligtasan (mali na isipin natin na kailangan natin na ma-experience ang exacto at parehnong experience ni Pablo), mayroon tayong makikita na apat na katangian na mahalaga patungkol sa kaligtasan:
 - D.1. Ang liwanag ng Ebanghelyo. (Mateo 4:16; Jn. 1:9)
 - D.2. Dapat dinggin ang Ebanghelyo. (Roma 10:17)
 - D.3. Matinding paniniwaia (kombiksyon) (halimbawa, Gawa 2:37) – (v.5b …"mahirap sa iyo na sumikad laban sa mga panturok.")
 - D.4. Pananampalataya. Tinawag ni Saulo si Jesus na "Panginoon" (Gawa 9:6) "Panginoon, ano ang ibig mong gawin ko?"

**Katapusan**:

1. Ang karanasan ni Pablo ay modelo ng kaligtasan para sa ating mga makasalanang tao.
2. Dakila ang pag-ibig ng Diyos na kahit na makasalanan tayo, ay tayo ay makakatamo ng kaligtasan sa pangalan ng Panginoon Jesus.